



Sangay Ng Mga Serbisyong Pangkaisipang Kalusugan Ng San Mateo County

PAUNAWA TUNGKOL SA HINDI PAGSISIWALAT NG MGA IMPORMASYON KABUURAN

Pinahalalagan ng Mental Health Services ang inyong privacy at poprotektahan nito ang mga impormasyon tungkol sa inyong pagkaisipang kalusugan at ng inyong anak. Ang kumpletong Paunawa Tungkol Sa Hindi Pagsisiwalat Ng Mga Impormasyon ay pinababatid sa inyo kung paano namin pinangangalagaan ang mga impormasyon tungkol sa inyong pagkaisipang kalusugan para matiyak na ang pinakakaunting impormasyon lamang ang ginagamit o sinisiwalat sa mga taong may legal na karapatang kunin o basahin ang mga impormasyon tungkol sa inyong pagkaisipang kalusugan. **MANGYARING BASAHIN ITO NANG MAIGI.**

Ang kahulugan ng “paggamit” ay ang pagbigay at paggamit ng mental health staff ng impormasyon. Ang kahulugan ng “pagsisiwalat” ay ang pagbigay namin ng impormasyon sa mga ibang tao sa labas ng Mental Health Services.

Ang kahulugan ng “kaphahintulutan” ay binigyan ninyo kami ng nakasulat na pahintulot na isiwalat sa ibang taon ang mga impormasyon tungkol sa inyo.

Alinsunod sa batas, kayo ay may karapatang legal na:

- Bigyan nitong nakasulat na paunawa na pinaliliwanag kung paano gagamitin at isisiwalat ng Mental Health ang mga impormasyon tungkol sa inyo.
- Tingnan ang inyong mga rekord at makakuha ng kopya ng mga ito, na may mga ilang eksepsiyon.
- Hililinging iwasto ang o may idagdag sa mga rekord tungkol sa inyong pagkaisipang kalusugan.
- Malaman, na nakasulat, kung kanino namin siniiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong kalusugan.
- Magpahintulot na puwedeng isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong kalusugan; maaaring isiwalat ng mental health ang impormasyong kinakailangan na walang pahintulot ninyo para sa paggamot, kabayaran o para sa aming mga pagpapatakbo ng negosyo.

Ipaaalam sa inyo nitong Paunawa:

- Kung paano ninyo hihilingin sa Mental Health Services na gusto ninyong tingnan ang inyong chart, paano makakuha ng kopya nito, paano gumawa ng mga pagbabago o ang pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa inyo.
- Kung paano kami tutugon sa inyong mga kahilingan
- Kung paano magharap ng reklamo tungkol sa paggamit o pagsiwalat ng mga Pinoprotektahang Impormasyon Tungkol Sa Inyong Kalusugan. Ipaaalam nito sa inyo kung paano kayo magreklamo sa Mental Health at na maaari rin kayong magreklamo sa Kalihin ng Health and Human Services.

Nangangako ang San Mateo Mental Health Services na susundin namin ang Paunawang ito. Ito ay ipapaskel sa lahat ng mga lokasyon ng Mental Health, at kung may mga pagbabago sa mga anumang bahagi nito, may makukuhang mga bagong paunawa.

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa inyong mga karapatan ng privacy, mangyaring tawagan ang:

Mental Health Advocacy Services sa 1-800-388-5189



Sangay ng mga Serbisyong Pangkaisipang Kalusugan ng San Mateo County

PAUNAWA TUNGKOL SA HINDI PAGSISIWALAT NG MGA IMPORMASYON

Petsang Maybisa: 14 ng Abril, 2003

INILALARAWAN NITONG PAUNAWA KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG TUNGKOL SA INYONG MEDICAL INFORMATION AT KUNG PAANO NINYO MAKUKUHA ITONG IMPORMASYON. MANGYARING BASAHIN ITO NANG MAIGI

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa paunawang ito, mangyaring tawagan ang Mental Health Advocacy Services sa 1-800-388-0101.

SINO ANG SUSUNOD SA PAUNAWANG ITO

Inilalarawan nitong paunawa ang mga ginagawa ng San Mateo County Health Services at ng:

- Mga health care professional na may pahintulot na gumamot at magtala ng impormasyon sa rekord tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan.
- Lahat ng teams at mga serbisyo ng County Mental Health
- Sinumang boluntaryo o estudyante na nagbibigay ng serbisyo sa inyo.
- Lahat ng empleyado, kinontratang tauhan at ibang mental health personnel.

Ang lahat ng naghahandog ng serbisyo, teams at mga klinika ng Mental Health Services ay sinusunod ang lahat ng mga tadhana nitong paunawa. At sa karagdagan, itong mga naghahandog ng serbisyo, teams at mga klinika ay maaaring magpalitan ng impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan para sa layunin ng paggamot, kabayaran o pangangasiwang pangmedikal sa nilalarawan sa paunawang ito.

Ang Aming Pangako tungkol Sa Impormasyong Pangmedikal

Nauunawaan namin na personal ang impormasyong tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan. Nangangako kami na poprotektahan namin ang impormasyong tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan. Gumagawa kami ng rekord ng mga pag-alaga at serbisyo na natanggap ninyo mula sa San Mateo County Mental Health Services. Kailangan namin itong rekord para mabigyan kayo ng mahusay na pag-alaga at para sundin ang mga iniuutos ng batas. Itong paunawa ay nauukol sa lahat ng mga rekord ng pag-alaga ng inyong personal therapist, doktor, treatment team o mga iba pang tauhan. Sa karagdagan, para sa mga serbisyong binibigay ng County Medical Clinics o ang mga serbisyong binibigay sa San Mateo County Health Center, maaaring may mga iba pang patakaran o paunawa tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangmedikal na ginawa sa mga lokasyong iyon.

Ipaalam sa inyo nitong paunawa ang tungkol sa mga paraan na maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan. Inilalarawan rin namin ang inyong mga karapatan at ang mga pananagutan namin hinggil sa paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan.

Kami ay inuutusan ng batas na:

- Tiyakin na hindi isisiwalat sa madla ang impormasyong tungkol sa pangkaisipang kalusugan na kinikilala kayo;
- Bigyan kayo nitong paunawa ng aming mga tungkulin ayon sa batas at ang hindi pagsisiwalat ng mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan; at
- Sundin ang mga tadhana nitong paunawa na kasalukuyang maybisa.

KUNG PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IMPORMASYONG PANGMEDIKAL NA TUNGKOL SA INYO

Inilalarawan sa mga sumusunod na kategoriya ang ibat-ibang paraan na aming ginagamit at isinisiwalat ang mga impormasyong tungkol sa pangkaisipang kalusugan. Para sa bawat kategoriya ng mga paggamit o pagsisiwalat ay ipaliliwanag namin ang kahulugan at pagsisikap namin magbigay ng mga halimbawa. Hindi nakalista sa isang kategoriya ang lahat ng paggamit o pagsisiwalat. Gayon pa man, ang lahat ng paraan na may pahintulot kaming gamitin o isiwalat ang impormasyon ay masasama sa isa sa mga kategoriya.

- **Para sa Paggamot.** Maaari naming gamitin ang impormasyong pangmedikal na tungkol sa inyo para kayo ay mahandugan ng mga paggamot at serbisyo na nauukol sa inyong pangkaisipang kalusugan. Maaari naming isiwalat ang tungkol sa inyong mga impormasyong pangmedikal sa inyong mga doktor, nars, mga iba pang therapist, case manager, estudyante, o mga iba pang mental health personnel na may kinalaman sa pag-alaga sa inyo. Maaari rin naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa paggamot sa inyo sa mga iba pang medical professional na nag-aalaga sa inyo. Halimbawa, maaaring kailangang malaman ng doktor na gumagamot sa inyong diabetes kung anong mga gamot ang iniresta ng inyong psychiatrist para matiyak na magkahiyang ang mga gamot na iniinom ninyo. At saka, maaaring kailangang malaman ng inyong case manager kung may diabetes kauyo para matulungan namin kayo sa mga pagpili ng mga pagkaing angkop para sa inyo. Ang ibat-ibang mental health team ay maaari ring magpalitan ng tungkol sa inyong mga impormasyong pangmedikal para itugma ang ibat-ibang bagay na kailangan ninyo, tulad ng mga iniresetang gamot, lab work, referrals at pangangasiwa ng kaso. Maaaring isiwalat rin namin ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan sa mga tao sa labas ng County system na maaaring may kinalaman sa pag-aalaga ng inyong pangkaisipang kalusugan o pag-aalaga ng inyong kalusugan pangkatawan, tulad ng inyong mga iba pang case manager o, na may pahintulot ninyo, ang mga miyembro ng inyong pamilya, pastor o mga iba pang tao na maaaring naghahandog ng mga serbisyo na bahagi ng pag-alaga sa inyo.
- **Para Sa Kabayaran.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para ang mga paggamot at serbisyo na tinatanggap ninyo mula sa San Mateo County Mental Health ay maaaring maging gilid at makolekta mula sa inyo, sa kompanya ng insurance o mula sa isang ikatlong partido. Halimbawa, maaaring kailanganin naming ibigay sa inyong health plan ang impormasyon tungkol sa therapy na natanggap ninyo sa isang mental health clinic para bayaran kami ng inyong health plan o bayaran kayo sa inyong nagasta para sa mga sebisyon ng ito. Maaari rin naming ipaalam sa inyong health plan ang tungkol sa tatanggapin ninyong paggamot para makakuha kami ng paunang pagpapahintulot o para alamin kung sakop ng insurance ang paggamot.
- **Para Sa Mga Pangangasiwa Ng Pag-aalaga Ng Kalusugan.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para sa mga pangangasiwa ng Mental Health Service. Itong mga paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon ay kinakailangan sa pangangasiwa ng aming system at para matiyak na ang lahat ng aming kliyente ay tumatanggap ng mahusay na pag-alaga. Halimbawa, maaari naming gamitin ang impormasyong pangmedikal para suriin muli ang aming paggamot at mga serbisyo at para maevaluate ang pag-alaga sa inyo ng aming mga tauhan. Maaari rin naming pagsamasamahin ang tungkol sa mga impormasyong pangmedikal ng maaraming mental health clients para malaman namin kung anong mga serbisyo ng Mental Health ang kinakailangang ihandog, kung anong mga serbisyo ang hindi kailangan, at kung maybisa ang mga ilang bagong paggamot. Maaari ring naming isiwalat ang mga impormasyon sa mga doktor, nars, therapist, estudyante at mga iba pang mental health personnel para sa mga layunin ng muling pagsusuri at pag-aaral. Maaari rin naming pagsamasamahin ang impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan na nasa amin sa mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan na mula sa mga ibang county para ihambing ang mga ginagawa namin at para alamin kung saan namin mapapabuti ang mga pag-alaga at serbisyon ng hinahandog namin. Maaari naming alisin sa mga grupo ng impormasyong pangmedikal ang impormasyong sinsabi kung sino kayo para magamit ito sa pag-aaral ng pag-alaga ng kalusugan at paghahandog ng pag-alaga ng kalusugan na hindi nalalaman kung sino ang mga kliyente.
- **Paalaala Ng Mga Appointment.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang mga impormasyong pangmedikal para kontakin kayo bilang paalaala na kayo ay may appointment sa Mental Health Services para sa pagsusuri o paggamot.
- **Mga Kapakinabangan at Serbisyo na Kaugnay sa Kalusugan.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga pakinabangan at serbisyo na kaugnay sa kalusugan na maaaring interesado kayo.
- **Ang mga Taong May Kinalaman sa Pag-aalaga sa Inyo o sa Kabayaran ng Pag-aalaga sa Inyo.** Maaari naming isiwalat ang mga impormasyong tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan, na may pahintulot ninyo, sa inyong kaibigan o miyembro ng inyong pamilya na may kinalaman sa pag-alaga sa inyo. Maaari rin kaming magbigay ng impormasyon sa taong tumutulong sa pagbayad sa pag-alaga sa inyo. Kung kayo ay maospital, maaari naming isiwalat ang impormasyong pangmedikal tungkol sa inyo sa isang miyembro ng inyong pamilya o sa mga ibang tao na may kinalaman sa pag-alaga sa inyo para alam nila kung nasaan kayo. At saka, maaari naming isiwalat ang mga impormasyong pangmedikal tungkol sa inyo sa anumang/sinuman na tumutulong sa disaster relief effort para maipalam sa inyong pamilya ang inyong kalagayan at kung nasaan kayo.
- **Pananaliksik.** Sa mga ilang pagkakataon, maaari naming gamitin at isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para sa mga layuning pananaliksik. Halimbawa, ang isang proyektong pananaliksik ay maaaring pinaghahambing ang kalusugan at paggaling ng lahat ng kliyente na tumanggap ng gamot sa mga kliyenteng tumanggap ng ibang gamot, para sa parehong sakit. Ang lahat ng mga proyektong pananaliksik, gayon pa man, ay batay sa isang espesyal na sistema ng pag-aproba. Inievaluate ng sistemang ito ang balak na proyektong pananaliksik at ang paggamit nito ng mga impormasyong pangmedikal, pinagsisikapang balansihin ang mga pangangailangan ng pananaliksik sa mga pangangailangan ng mga kliyente na hindi isiwalat ang mga impormasyon

tungkol sa kanilang pangkaisipang kalusugan. Bago namin ginagamit o isiwalat para sa pananaliksik ang mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan, ang paroyekto ay naaprobahan na sa pamamagitan nitong sistema ng pag-aproba. Gayon pa man, maaari naming isiwalat ang mga impormasyong pangmedikal tungkol sa inyo sa mga taong naghahandang gawin ang proyektong pananaliksik, halimbawa, para tumulong sa kanilang maghanap ng mga kliyente na may mga partikular na pangangailangan sa pangkaisipang kalusugan, sa kondisyong ang impormasyong tinitingnan nila ay hindi lalabas ng Mental Health Services. Halos palagi naming hihingin ang inyong pahintulot kung malalaman ng nananaliksik ang inyong pangalan, direksiyon, o mga iba pang impormasyon na binubunyag kung sino kayo o kung sino ang mga kasama sa pag-alaga sa inyo.

- **Alinsunod sa Inuutos ng Batas.** Isisiwalat namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo kapag kami ay inuutusan ng batas ng gobyerno pederal, ng estado o ng gobyerno ng lungsod.
- **Para Iwasan ang Isang Malubhang Babala Laban sa Kalusugan o Kaligtasan.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan kapag kinakailangan para hadlangan ang isang malubhang babala laban sa inyong kalusugan at kaligtasan o laban sa kalusugan at kaligtasan ng madla o ng ibang tao. Gayon pa man, ang anumang pagsisiwalat ay sa tao lamang na makakatulong na hadlangan ang babala.

MGA ESPESYAL NA SITUWASYON

- **Military at mga Beterano.** Kung kayo ay miyembro ng hukbong sandatahan, maaari naming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan alinsunod sa mga iniutos ng military command.
- **Workers' Compensation.** Maaari naming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para sa workers' compensation o mga programang tulad nito. Ang mga programang ito ay naghahandog ng mga benepisyo para sa mga kapinsalaan o pagkakasakit na kaugnay sa trabaho.
- **Mga Panganib sa Kalusugan ng Madla.** Maaari naming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para sa mga gawain na pangmadlang kalusugan. Karaniwang kabilang sa mga gawaing ito ang mga sumusunod:
 - Para mahadlangan o mapigilan ang pagkakasakit, pagkakatapusan o pagkabaldado;
 - Para ipaalam ang mga pagkasilang at pagkamatay;
 - Para isumbong ang mga pag-abuso o pagpapabaya sa mga bata, matanda at ang mga nasa gulang na umaasa sa ibang tao;
 - Para ipaalam ang mga reaksiyon sa mga gamot o ang mga problema sa mga produkto;
 - Para ipagbigay-alam sa mga tao na nirecall ang mga produktong maaaring ginagamit nila;
 - Para ipagbigay-alam sa isang tao na nalantad sa sakit o maaaring nasasapanganib na makahawa o manghawa ng sakit;
- **Mga Gawain na Pinamamahalaan ang Kalusugan.** Maaari naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan sa isang ahensiyang pinamamahalaan ang kalusugan para sa mga gawaing pinahihintulutan ng batas. Kabilang sa mga pamamahala, halimbawa, ang mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksiyon, at paglilisenensiya. Kinakailangang gawin ng gobyerno ang mga ito para mamonitor ang sistema ng pag-alaga ng kalusugan, ang mga programa ng gobyerno, at kung sinusunod ang mga batas hinggil sa mga karapatan ng mga mamamayan.
- **Mga Asunto at Alitan.** Kung kayo ay kasangkot sa isang asunto o isang alitan, maaari naming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan bilang pagtugon sa isang utos ng hukuman o utos pampangasiwaan. Maaari rin naming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan bilang pagtugon sa isang subpoena, paghiling ng impormasyon, o mga iba pang sistemang alinsunod sa batas, sa taong kasangkot sa alitan, pero pagkatapos lamang ng mga pagsisikap na ipaalam sa inyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring kabilang ang nakasulat na patalastas sa inyo) o para kumuha ng isang utos na pinoprotektahan ang hinihiling ng impormasyon.
- **Nagpapatupad ng Batas.** Maaari rin naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan kung ito ay hiniling ng isang opisyal na nagpapatupad ng batas:
 - Bilang pagtugon sa isang utos ng hukuman, subpoena, warrant, summons o mga parehong process;
 - Para malaman kung sino o kung nasaan ang isang suspek, takas, o taong nawawala;
 - Tungkol sa naging biktima ng isang krimen kung, batay sa mga natatakdaang pangyayari, ay hindi namin makuha ang pahintulot ng tao;
 - Tungkol sa isang pagkamatay na sa aming palagay ay maaaring resulta ng krimen;
 - Tungkol sa krimen sa mga lokasyon ng mental health; at
 - Sa mga panahon ng emergency para isumbong ang isang krimen, kung saan nangyari ang krimen o kung nasaan ang mga biktima, o kung sino ang taong gumawa ng krimen, ano ang kanyang hitsura o kung nasaan siya.

- **Mga Coroner, Medical Examiner at Funeral Director.** Maaari naming isiwalat ang mga impormasyon sa coroner o medical examiner. Maaaring kinakailangan ito, halimbawa, para malaman kung sino ang taong namatay o para malaman kung ano ang ikinamatay.
- **Mga Gawaing Nauukol sa Kaligtasan ng Bansa at Intelligence.** Maaaring isiwalat namin ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan sa mga pinahintulatang opisyal ng gobyerno pederal para maprotektahan nila ang Pangulo, ang mga iba pang taong may pahintulot o ang mga pinuno ng ibang bansa o para gumawa ng mga espesyal na imbestigasyon.
- **Mga Bilanggo.** Kung kayo ay isang bilanggo, maaari naming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan sa kulungan o sa opisyal na nagpapatupad ng batas. Kinakailangan ang pagsisiwalat ng impormasyon (1) para sa kulungan para mabigyan kayo ng pag-alagang pangkalusugan; (2) para pangalagaan ang inyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) ang kaligtasan at katiwasayan ng bilangguan.

ANG INYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA INYONG PANGKAISIPANG KALUSUGAN

Kayo ay may mga sumusunod na karapatan hinggil sa mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan na nasa amin:

- **Ang Karapatang Tingnan at Kopyahin.** Kayo ay may karapatang tingnan at kopyahin ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan na maaaring gamitin para magdesisyon tungkol sa pag-alaga sa inyo. Sa karaniwan, kabilang dito ang mga impormasyon tungkol sa therapy/mga serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan at mga rekord ng pagsingil, pero maaaring hindi kabilang ang mga ilang impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan. Para tingnan at kopyahin ang mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan na maaaring gamitin para magdesisyon tungkol sa inyo, kailangan ninyong ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa klinika na pinagpapagamutan ninyo, O sa San Mateo County Mental Health Services, 225 37th Avenue, San Mateo, CA 94403. Kung kayo ay hihiling ng kopya ng impormasyon, maaari namin kayong singilin para sa mga pagpapakopya, pagpapadala sa koreo o mga iba pang ginastos na kaugnay sa inyong paghiling. Maaari naming tanggihan sa mga natatakadang pangyayari ang inyong kahilingan na tingnan at kopyahin ang mga impormasyon. Kung ayaw ipakita sa inyo ang mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan, maaari ninyong hilinging siyasatin ang patanggi sa inyong kahilingan. Titingnan ng isang lisensiyadong health care professional na pinili namin ang inyong kahilingan at ang patanggi sa kahilingang ito. Ang taong magsisiyasat ay hindi ang taong tumanggi sa inyong kahilingan. Susundin namin ang anumang kinalabansan ng pagsisiyasat.
- **Ang Karapatang Gumawa ng mga Pagbabago.** Kung sa palagay ninyo na mali o hindi kompleto ang mga impormasyon na nasa amin tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan, maaari ninyong hilingin sa amin na baguhin ang impormasyon. Kayo ay may karapatang hilingin ang mga pagbabago kung ang mga impormasyon ay nasa pag-iingat ng o para sa Health Services.

Para humiling na gumawa ng mga pagbabago, kinakailangan kayong magpadala ng sulat na klinika na inyong pinagpapagamutan O sa San Mateo County Mental Health Services, 225 37th Avenue, San Mateo, CA 94403. At saka, kailangan ninyong magbigay ng dahilan na nagpapatunay sa inyong kahilingan.

Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan na gumawa ng mga pagbabago kung hindi nakasulat ang paghiling o kung walang kasamang dahilan na nagpapatunay sa kahilingan. At saka maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan kung hinihiling ninyo sa amin na gumawa ng mga pagbabago sa mga impormasyon na:

- Hindi kami ang maygawa, maliban kung ang taong nagtala nitong impormasyon ay hindi mahagilap para gawin ang pagbabago;
 - Ito ay hindi bahagi ng mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan na nasa pag-iingat ng o para sa Mental Health Services;
 - Ito ay hindi bahagi ng mga impormasyon na pahihintulutan kayong tingnan o kopyahin; o
 - Tama at kompleto.
- **Ang Karapatang Malaman ang mga Pagsisiwalat.** Kayo ay may karapatang “malaman ang mga pagsisiwalat”. Ito ay ang listahan ng aming mga isinawalat na mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan maliban sa mga isinawalat na may pahintulot ninyo o ang mga isiniwalat para sa aming mga paggamit para sa paggamot, kabayaran at mga pangangasiwa ng pag-aalaga ng kalusugan. Ang mga ito ay nilalarawa sa itaas.

Para humiling ng listahan ng mga isiniwalat, kailangan ninyong ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa klinikang pinagpapagamutan ninyo, O sa Mental Health Services, 225 37th Avenue, San Mateo, CA 94403. Dapat nakasulat sa inyong kahilingan ang tagal ng panahon na hindi maaaring mas matagal sa nakaraang anim na taon at

hindi maaaring isama ang mga petsang bago mag 14 ng Abril, 2003. Dapat nakasulat sa inyong kahilingan kung sa anong anyo ninyo gustong ipadala sa inyo ang listahan (halimbawa, nakasulat sa papel o ipadala ng e-mail). Kayo ay wlang babayaran para sa unang paghiling ng listahan. Para sa mga karagdagang listahan, maaaring singilin namin kayo sa mga ginastos sa pagpapadala sa inyo ng listahan. Sasabihin namin sa inyo kung magkano ang magagastos at maaaring piliin ninyong bawiin ang inyong kahilingan o baguhin ito sa panahong iyon bago magkagastos.

- **Ang Karapatang Humiling ng mga Pagtatakda.** Kayo ay may karapatang humiling ng mga pagtatakda sa mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan na gagamitin o isisiwalat namin para sa paggamot, kabayaran o para sa mga pangangasiwa ng pag-alaga ng kalusugan. Kayo ay may karapatan rin na humiling ng pagtatakda sa mga impormasyong tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan na isisiwalat namin sa taong may kinalaman sa pag-alag sa inyo o sa pagbabayad para sa pag-alaga sa inyo, na tulad ng isang kamag-anak o kaibigan. Halimbawa, maaari ninyong hilingin na huwag naming isiwalat ang tungkol sa inyong operasyon.

Hindi kami kailangan sumang-ayon sa inyong kahilingan. Kung sumasang-ayon kami, susundin namin ang inyong kahilingan maliban kung kailangan ang impormasyon para gamutin kayo sa isang emergency.

Para humiling ng mga pagtatakda, dapat ninyong ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa klinika na pinagpapagamutan ninyo, O sa San Mateo County Mental Health Services, 225 37th Avenue, San Mateo, CA 94403. Isulat ninyo sa inyong kahilingan (1) kung anong impormasyon ang gusto ninyong takdaan; at (2) para kanino nauukol ang mga pagtatakda, halimbawa, ang mga maaaring isiwalat sa inyong asawa.

- **Ang Karapatang Hilinging Kompidensiyal ang mga Pagpapatid.** Kayo ay may karapatang hilingin na kami ay magpapatid sa inyo tungkol sa mga bagay na tungkol sa pangkaisipang kalusugan sa mga ilang paraan o sa mga ilang lokasyon. Halimbawa, maaari ninyong hilingin na kontakin lamang namin kayo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo.

Para hilinging kompidensiyal ang mga pagpapatid, dapat ninyong ipadala ang inyong nakasulat ona kahilingan sa klinika na pinagpapagamutan ninyo, O sa San Mateo County Mental Health Services, 225 37th Avenue, San Mateo, CA 94403. Hindi kami magtatanong kung ano ang dahilan sa inyong paghiling. Pagbibigyan namin ang lahat ng makatwirang kahilingan. Dapat nakasulat sa inyong kahilingan kung paano kayo kokontakin o kung saan ninyo gustong kontakin kayo.

- **Ang Karapatang Magkaroon ng Kopya nitong Paunawa na Nakasulat sa Papel.** Kayo ay may karapatang magkaroon ng kopya nitong paunawa na nakasulat sa papel. Maaari ninyong hilingin sa amin sa anumang oras na bigyan kayo ng kopya nitong paunawa. Kahit na sumang-ayon kayong ipadala sa e-mail itong paunawa, may karapatan pa rin kayong hilingin itong nakasulat sa papel.

Makakakuha kayo ng kopya nitong paunawa mula sa aming website, www.co.sanmateo.ca.us.

Para makakuha ng nakasulat sa papel na kopya nitong paunawa, puwede kayong humingi nito sa klinika na inyong pinagpapagamutan, O sumulat sa San Mateo County Mental Health Services, 225 37th Avenue, San Mateo, CA 94403.

MGA PAGBABAGO SA PATALASTAS NA ITO

Inirereserba namin ang karapatang baguhin itong paunawa. Inirereserba namin ang karapatang gawing mabisa ang binagong paunawa para sa mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan na nasa amin na at pati na rin ang mga impormasyon na matatanggap namin sa hinaharap. Kami ay magpapaskel ng kopya ng kasalukuyang paunawa sa lahat ng mental health clinics. Nakasulat sa unang pahina ng paunawa sa kanang itaas, ang petsang maybisa ito. Ipagbibigay-alam sa inyo kung nagbago ang paunawa at kayo ay bibigyan ng kopya ng binagong paunawa sa susunod na pagpunta ninyo sa mental health.

MGA REKLAMO

Kung sa paniwala ninyo ay linabag ang inyong mga karapatan ng privacy, maaari kayong magharap ng reklamo sa Mental Health Services o sa Kalihim ng Department of Health and Human Services. Para magharap ng reklamo sa San Mateo County Mental Health Services, tawagan ang Mental Health Advocacy Services sa 1-800-388-5189. Maaaring magharap ng reklamo nang pasalita o nakasulat. Ang mga reklamo tungkol sa mga paglabag ng privacy ay ipababatid ng Mental Health sa County Privacy Officer.

Kayo ay hindi parurusahan dahil kayo ay nagharap ng reklamo.

ANG MGA IBA PANG PAGGAMIT NG IMPORMSYONG PANGMEDIKAL

www.smchealth.org/bhrs-documents

03-02 Notice of Privacy Practices Attachment A - Tagalog

Ang mga iba pang paggamit at pagsisiwalat ng mga impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan na hindi sakop sa paunawang ito o ang mga batas na nauukol sa amin ay gagawin lamang kapag may nakasulat na pahintulot ninyo. Kung pahihintulutan ninyo kaming isiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan , maaari ninyong bawiin itong pahintulot, na nakasulat, sa anumang oras. Kung babawiin ninyo ang inyong pahintulot, hindi namin isisiwalat ang mga impormasyon tungkol sa inyong pangkaisipang kalusugan para sa mga dahilang sakop sa inyong nakasulat na pahintulot. Unawain ninyo na hindi namin puwedeng bawiin ang mga naisiwalat namin na may pahintulot ninyo, at kinakailangan naming panatilihain ang aming mga rekord ng pag-alaga namin sa inyo.